



Mga Mensahe para sa mga Manggagawa

www.aiche.org/ccps/process-safety-beacon



Ang isyung ito ay Ini-sponsor ng



www.iomosaic.com

Pakiramdam ng kahinaan – isang napakahalagang bahagi ng kaligtasan **Hunyo 2023**



Napansin ng isang taong naglalakad sa isang lugar ng proseso na humahawak ng asidong sulphuriko ang isang operaytor na naghahanda upang idiskonekta ang isang hose ng nitrohen. Hindi suot ng operaytor ang kumpletong Personal Protective Equipment (PPE) na kinakailangan para sa lugar, na may kasamang panangga sa mukha. Huminto ang tao, itinuro ang sitwasyon, at kusang sumunod ang operaytor. Nakakailang hakbang pa lang ang unang tao nang makarinig siya ng 'putok' at 'sumisitsit' mula sa lugar ng sulphuriko. Ang operaytor ay nabasa ng asido at tinulungan niya sa pinakamalapit na paliguan pangkaligtasan.

Lingid sa kaalaman ng operaytor, ang asidong sulphuriko ay nasa kabilang dulo ng hose ng nitrohino. Nang ma-diskonekta ito, na-tilamsikan ng presyon ng asido patungo sa mukha at katawan ang operaytor. Ang operaytor ay nakatanggap lamang ng ilang maliliit na paso ng kemikal sa kanyang leeg dahil ang kinakailangang PPE ay naisuot na.

Sa pagsisiyasat, ang panangga sa mukha ng operaytor ay nakitaan ng matinding kaagnasan at may mantsa sa gitna kung saan na-tilamsikan ito ng asido. Kung wala ang panangga sa mukha sa lugar, ang operaytor ay malalang masusunog at maaaring tuluyang mawala ang kanyang paningin.

Bakit huminto ang unang tao at pinaalalahanan ang operaytor ng kumpletong PPE? Isang pakiramdam ng kahinaan. Nakita ng nagmamasid ang potensyal para sa hose na magkaroon ng asido sa loob nito, kahit na DAPAT naglalaman lamang ito ng nitrohen.

Alam Mo Ba?

- Ano ang ibig sabihin ng “pakiramdam ng kahinaan”? Nangangahulugan ito na ang lahat sa iyong planta ay:
 - Nauunawaan ang mga panganib na nauugnay sa mga materyales at kondisyon ng proseso (presyon, temperatura, atbp.) na nasa lugar.
 - Patuloy na nagbabantay para sa mga sintomas ng mga kahinaan na maaaring magpahiwatig ng mas malubhang mga kaganapan sa hinaharap, tulad ng isang maliit na pagtagas na maaaring maging isang malaking pagkabigo sa linya.
 - Nananatiling mapagbantay kahit na ang planta ay may mahusay na pagganap sa kaligtasan.
- Sa ating personal na buhay, ang pakiramdam ng kahinaan ang nagiging sanhi ng pagpapabagal sa ating bilis ng pagmamaneho sa masamang panahon o maging mas maingat kapag nagtatrabaho sa isang hagdan.
- Maaari mawala ang ating pakiramdam ng kahinaan kapag tayo ay nagmamadali. Na maaaring maging sanhi ng paglaktaw natin sa mga hakbang o pagkalimot na magsuot ng tamang PPE.
- Maaaring dalhin ng mga bagong empleyado ang kanilang pakiramdam ng kahinaan galing sa naunang trabaho o kumpanya. Nangangahulugan iyon na maaaring kailanganin natin silang tulungan na maunawaan ang mga panganib sa kanilang bagong trabaho.
- Ang pagpapanatili ng pakiramdam ng kahinaan ay isang mahalagang katangian ng isang mahusay na kultura ng kaligtasan sa proseso.

Ano Ang Kaya Mong Gawin?

- Kung makakita ka ng isang mapanganib na pag-uugali, huminto, at tanungin ang tao kung sinusunod nila ang tamang pamamaraan. Maaari mong mapigilan ang isang tao na masaktan nang husto - o mas masahol pa.
- Kung may huminto sa iyo at magtanong tungkol sa kung paano mo ginagawa ang isang gawain, huwag maging dependsibo. Sinisikap lang nilang panatilihin kang ligtas. Sagutin ang kanilang mga tanong nang mahinahon, maging bukas sa kanilang mga mungkahi kung paano gagawin ang gawain at pasalamat sila para sa kanilang pag-aalala tungkol sa iyong kaligtasan.
- Kung ang iyong lugar ay may mga bagong empleyado, sanayin sila sa mga panganib ng mga bagay at mga pamamaraan. Tulungan silang panatilihin kang ligtas!
- Huwag isipin, "Hindi ito maaaring mangyari dito." Maaari ito!

Pakiramdam ng kahinaan – ang iyong kaligtasan sa proseso "pakiramdam ng gagamba"